

# ANG SIMPLENG PLANO NANG KALIGTASAN MULA SA MGA TAGA ROMA

## PAGPAPAKILALA

Ang Bibliya ay napakalinaw na maaari mong malaman sa kasigurohan na kapag mamatay ka maaari kang makapunta sa langit. Ang tanong ay naniniwala ka ba sa sinasabi ng Diyos sa kanyang salita.

1 Juan 5:13 “Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo, upang inyong maalaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan, sa makatuwid ay sa inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Dios..”

## I TAYONG LAHAT AY MAKASALANAN.

Hindi mahirap na umamin na lahat tayo ay guawa ng mga bagay na alam natin ay mali, ngunit ginawa pa rin natin. Iyon ay tinatawag na kasalanan! Tayong lahat ay nagkasala ginawa natin ito simula ng tayo ay ipinanganak.

Roma 5:12 Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala:

Roma 14:12 Kaya nga ang bawa't isa sa atin ay magbibigay sulit sa Dios ng kaniyang sarili.

Roma 3:23 Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios;

Roma 3:10 Gaya ng nasusulat, Walang matuwid, wala, wala kahit isa;



## TAYONG LAHAT AY MAKASALANAN.

## II MAY BAYAD ANG KASALANAN.

Roma 6:23 Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin.

APOCALIPSIS 21:8 “Nguni't sa mga duwag, at sa mga hindi mananampalataya, at sa mga kasuklamsuklam, at sa mga mamamatay-tao, at sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga mapagsamba sa diosdiosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan..”

APOCALIPSIS 20:12-15

12 At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa.

13 At ibinigay ng dagat ang mga patay na nasa kaniya; at ibinigay ng kamatayan at ng Hades ang mga patay na nasa kanila: at sila'y hinatulan bawa't tao ayon sa kanikaniyang mga gawa.

14 At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, sa makatuwid ay ang dagatdagatang apoy.

15 At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy.

### **III SI CRISTO AY NAMATAY DAHIL SA ATING KASALANAN.**

Roma 5:6 Sapagka't nang tayo ay mahihina pa ay namatay si Cristo sa kapanahunan dahil sa mga masama.

Roma 5:8 Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin.

Roma 14:9 Sapagka't dahil dito ay namatay si Cristo at nabuhay na maguli, upang siya'y maging Panginoon ng mga patay at gayon din ng mga buhay.

Roma 6:23 Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin.



**SI CRISTO AY NAMATAY SA MGA MAKASALANAN.**

### **IV ANG KALIGTASAN AY LIBRE AT HINDI SA PAMAMAGITAN MABUBUTING GAWA, PANIWALAAN ANG**

# **SALITA NG DIOS AT MANAMPALATAYA LAMANG KAY CRISTO.**

Ang kaligtasan ay nagtitiwala at pagtanggap kay Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas. Ito ay pagtitiwala sa katotohanan na si Jesu-Cristo ay namatay sa krus ng Kalbaryo upang magbayad para sa iyong mga kasalanan! Ito ay napagtatanto na walang kahit na ano ang maaari mong gawin upang iligtas ang iyong sarili at ganap na magtitiwala kay Jesu-Cristo upang iligtas ka! Walang sinuman na simbahan ang makakaligtas. Ito ay hindi sa anumang bautismo, hindi sa mabuting mga gawain, hindi sakramento, hindi pagsisisi, hindi pamamagitan sa pagdarasal, hindi paraan ng mabuting pamumuhay- **HINDI ITO ANUMANG BAGAY NA MAARI MONG GAWIN!**

Tito 3:5 Na hindi dahil sa mga gawa sa katuwiran na ginawa nating sarili, kundi ayon sa kaniyang kaawaan ay kaniyang iniligtas tayo, sa pamamagitan ng paghuhugas sa muling kapanganakan at ng pagbabago sa Espiritu Santo,

Gawa 4:12 At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas.

Tau Efeso 2:8-9 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri.



## **V MANAMPALATAYA AT MAGTIWALA KAY CRISTO UPANG MALIGTAS.**

Roma 4:24 Kundi dahil din naman sa atin, na ibibilang sa ating mga nagsisisampalataya sa kaniya na bumuhay na maguli sa mga patay, kay Jesus na ating Panginoon,

Roma 10:9-10,13 Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka: Sapagka't ang tao'y nanampalataya ng puso sa ikatutuwid; at ginagawa sa pamamagitan ng bibig ang pagpapahayag sa ikaliligtas. Sapagka't, Ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay mangaliligtas.

*Oo, ganito lang kadali! Hindi mo maaaring bilhin sa Diyos ang kapatawaran. Sumampalataya ka lamang at matatanggap mo na ito sa pamamagitan ng biyaya at awa ng Diyos. Kaya kung gusto mong tanggapin si Jesu-Cristo bilang tagapagligtas mo at nang matanggap mo ang kapatawaran mula sa Diyos, narito ang isang panalangin na maaari mong ipanalangin.*

**“O Diyos,**

**inaamin kong nagkasala ako sa iyo at nararapat lamang na ako’y maparusahan. Ngunit inako ni Jesus ang aking kasalanan at tiniis ang parusang dapat ay sa akin. Patawarin mo ako sa lahat ng aking mga kasalanan. Sumasampalataya ako at nagtitiwala kay Jesus para sa aking kaligtasan. Salamat po sa iyong kahanga-hangang biyaya at kapatawaran. Maraming salamat din sa buhay na walang hanggan. Amen!”**

**Kung ipinagdasal mo lamang ang panalangin na iyon- ayon sa Salita ng Diyos - IKAW AY NAILIGTAS! Hallelujah!**

**Sinabi mo, ngunit wala akong naramdaman na kakaiba. Hulaan mo kung ano? Ang iyong kaligtasan ay hindi nakasalalay sa iyong pakiramdam. Itong LAHAT ay nakadepende sa kung sinabi ng Diyos!**

Sinabi ng Diyos kung tinanggap at nagtiwala kay Jesu-Cristo ikaw ay nailigtas. Pansinin at HINDI ito sinasabi na ikaw ay "puwede" o "maaari" na mailigtas - ngunit "ay dapat mailigtas". IKAW AY NAILIGTAS!

Ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay mangaliligtas. Romans 10:13

Hindi ka ba naniniwala sa Panginoong Hesukristo? Tingnan sa kung ano ang sinasabi sa Juan 3:36! Sinasabi nito MAYROON KANG WALANG HANGGANG BUHAY! Hindi "siguro" o "Sana kaya" - NGUNIT – IKAW AY NAILIGTAS!

Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; nguni't ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Dios ay sumasa kaniya. John 3:36

Kaibigan, kung ipinagdasal mo ang panalangin at natanggap si Hesus Kristo – IKAW AY NAILIGTAS!

Ginawa mo kung ano ang sinabi ng Diyos - AT ANG DIYOS AY HINDI NAGSISINUNGALING!

Sa pag-asa ng buhay na walang hanggan, na ang Diyos, NA HINDI NAGSISINUNGALING, nangako bago nagsimula ang mundo; Titus 1: 2